

SB File

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-14 NA REGULAR SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 05 OKTUBRE 1998, 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Jesus S. Dela Cruz	- Pansamantalang Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, ABC
Konsehal Randy P. Valencia	- Chairman, SK

Hindi Nakadalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr	- Tagapangulo
---------------------------------	---------------

KAPASYAHAN BLG. 055
Series of 1998

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA
NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG
MINDORO, KGG. CARLOS FESTIN.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal ay labis na dinaramdam ng kanyang naulilang pamilya at mga kasamahan;

SAPAGKA'T, si Kgg. Carlos Festin ay naging isang masipag na lingkod-bayan na sa panahon ng kanyang panunungkulan bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagpamalas ng dedikasyon at pagmamahal sa gawain at sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, si Kgg. Carlos Festin ay nag-ukol din ng ilang panahon sa paghubog ng isipan, ugali at mga kasanayan ng mga kabataan bilang isang guro;

SAPAGKA'T, sa panahon ng kanyang pagiging lingkod ng publiko ibinigay niya at ibinahagi ang kanyang panahon, kakayahan at kaalaman para sa ikabubuti at kapakanan ng kanyang mga kababayan;

SAPAGKA'T, ang kanyang mga ginawa para sa kapakanang pambayan ay magsisilbing huwaran at tagapagpaalaala ng isang mabuti at tapat na lingkod ng bayan;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay nagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naulilang pamilya at mga kamag-anak.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Mae Arlene M. Talens na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong naging Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, Kgg. Carlos Festin.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa maybahay, mga anak at mga kaanak ng namayapang Kgg. Carlos Festin lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 05 Oktubre 1998

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


JESUS S. DELA CRUZ
Konsehal / Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan